SAN FRANCISCO
HUMAN SERVICES AGENCY

# **Filipino** SFHSA Messages: CalFresh Extra EBT Food Payments Ending

| |
|---|
| **Matatapos na ang karagdagang EBT na pera para sa pagkain na pantulong sa panahon ng COVID-19.** Sa Marso na ang huling buwan na makakatanggap ka ng dalawang deposito sa iyong EBT card. Simula sa Abril, matatanggap mo ang iyong regular na EBT na deposito gaya ng dati, pero HINDI mo matatanggap ang karagdagang perang pantulong sa panahon ng COVID-19 sa iyong EBT card. Wala kang kailangang gawin. Tumawag sa (415) 558-4700 kung mayroon kang anumang tanong. |
| **Ang karagdagang pera lang na pantulong sa panahon ng COVID-19 ang matatapos.** Patuloy mong matatanggap ang iyong regular na EBT na pera mula sa CalFresh hangga't aktibo ang iyong kaso. Ang halagang matatanggap mo ay ibabatay sa bilang ng mga taong kasama mo sa bahay, iyong kita, at sa iba pang impormasyon tungkol sa iyong sitwasyon. Wala kang kailangang gawin. Tumawag sa (415) 558-4700 kung mayroon kang anumang tanong. |
| **Ano ang puwede kong gawin kung kailangan ko ng higit pang pagkain?** Tumawag sa 3-1-1 o bumisita sa tl.sfhsa.org/GetFood para makakita ng mga lokal na mapagkukunan ng pagkain. Makakakuha ka ng higit pang pera para sa pagkain sa ilang farmers market sa pamamagitan ng “Market Match.” Tumawag sa (510) 925-4001 para sa higit pang detalye. |